9Marks

# Bakit Maaasahan ang Bible?

Study Guide

Greg Gilbert
with Alex Duke

# Bakit Maaasahan ang
# Bible?

## Study Guide

Greg Gilbert
with Alex Duke

TREASURING CHRIST PH
BALIWAG CITY, PHILIPPINES

*Bakit Maaasahan ang Bible? Study Guide*

Copyright © 2024 by Treasuring Christ PH

Salin sa Filipino/Taglish ng *Why Trust the Bible? Study Guide* na isinulat ni Greg Gilbert at Alex Duke. Published by Crossway, a publishing ministry of Good News Publishers,1300 Crescent Street, Wheaton, Illinois 60187, USA. This edition is published by arrangement with 9Marks and Crossway. All rights reserved.

Cover design: Dual Identity Design

Translation by Marie Manahan

Typesetting by Elisha Jireh Abejero

Lahat ng Filipino Scripture quotations, malibang iba ang binanggit, ay galing sa Magandang Balita Biblia. Copyright © 2012 by Philippine Bible Soceity. Ginamit nang may pahintulot. Reserbado lahat ng karapatan.

PDF ISBN: 978-621-8238-78-7

Published (2024) in the Philippines
by Treasuring Christ PH
a ministry of Baliwag Bible Christian Church
116 Vergel de Dios St., Concepcion,
Baliwag City, Bulacan 3006, Philippines

tcphbooks@gmail.com

# Contents


Study Guide Preface 4

1 Huwag Mong Paniwalaan ang Lahat ng Nababasa Mo 6

2 Nawala Dahil sa Pagsasalin? 9

3 Mga Kopya ng mga Kopya ng mga Kopya ng mga Kopya 11

4 Ito Ba Talaga ang Librong Hinahanap Mo? 14

5 Pero Mapagkakatiwalaan Ba Kita? 16

6 So, Nangyari Ba Yun? 18

7 Pagkatiwalaan Mo ang Salita ng Taong Nabuhay Muli 20

Panghuling Salita: Ang Susunod na Tanong 22

# Study Guide Preface

"Well, sa totoo lang . . ."

Mayroon na bang nakapagsabi niyan sa 'yo? May sinabi ka; hindi sila sang-ayon kaya sisimulan nila ang kanilang paliwanag sa pamamagitan ng pagsasabi sa 'yo kung ano ba talaga ang tingin nila. Madalas 'yan gawin ng mga tao sa sinasabi ng Bible.

"Nang pasimula ay nilikha ng Diyos ang langit at ang lupa" (Gen. 1:1). *Well, sa totoo lang . . .*

"Sila'y kanyang nilalang na isang lalaki at isang babae" (Gen. 1:27). *Well, sa totoo lang . . .*

Si Jesus ay "sumunod sa kanila na naglalakad sa ibabaw ng tubig" (Mar. 6:48). *Well, sa totoo lang . . .*

"Hindi ko pinapayagan ang mga babae na magturo o mamuno sa mga lalaki" (1 Tim. 2:12). *Well, sa totoo lang . . .*

"Itinakda sa mga tao na minsan lamang mamatay at pagkatapos ay ang paghuhukom" (Heb. 9:27). *Well, sa totoo lang . . .*

Ikaw? Nasabi mo na rin ba ang "Well, sa totoo lang" sa Bible?

Noong 2016, isinulat ni Greg Gilbert ang libro na may pamagat na *Bakit Maaasahan ang Bible?* upang kumbinsihin ang mga tao na ang pagtitiwala sa Bible ay hindi lamang para sa mga hangal na ginagawa kung anong ipagawa sa kanila. Hindi rin ito pagiging walang muwang o walang malay. Sa katunayan, ito nga ay ang kabaligtaran. Ang mga tunay na matatalino ay nagtataglay ng lahat ng ebidensya na kailangan nila. Sinulat namin ang study guide na ito sa isang simpleng dahilan: para tulungan ka sa pag-aaral ng librong *Bakit Maaasahan ang Bible?* Simple lang ang structure at goals. Isa lamang itong simpleng pagtingin sa bawat chapter ng libro, para mapilitan kang magdahan-dahan at pag-isipang mabuti ang iyong binasa.

Para kanino ito? Ang sinumang Kristiyano ay makikinabang mula sa libro ni Greg Gilbert at sa study guide na ito. Tutulungan

ka nitong ipaliwanag ang pag-asa na mayroon ang mga Kristiyano. Nagtitiwala ako na tutulungan din nito ang mga hindi Kristiyano na gustong i-consider ang pinapahayag ng Bible at, higit sa lahat, ang kapahayagan ng muling nabuhay na Jesu-Cristo.

So paano mo gagamitin ang study guide na ito? Para lang ba sa personal na pag-aaral? Pwede. One-on-one ba? Pwede. Sa small groups? Oo naman! Sa madaling salita, hindi na mahalaga kung paano. Umaasa kami na gamitin ito ng mga nakatatandang miyembro ng church para i-disciple ang mga bagong Kristiyano, at ang mga Kristiyano ay gamitin ito para ibahagi ang ebanghelyo sa mga hindi Kristiyano. Bukod pa roon, sinong nakakaalam? Ang Diyos ay napaparangalan habang inaani ng kanyang mga anak ang binhing itinanim ng gospel. Hindi babalik sa kanya ng walang laman ang kanyang mapagkakatiwalaang salita.

Nawa'y ipagkaloob ng Diyos sa marami ang mga mata na makakakita, mga tainga na makakarinig, at mga puso na mananampalataya.

Alex Duke
September 2020

# 1

# Huwag Mong Paniwalaan ang Lahat ng Nababasa Mo

*Bakit Maaasahan ang Bible?* Summary

Maaari mong asahan ang Bible hindi dahil gusto mo lang itong paniwalaan. Maaasahan mo ang Bible sa ibang dahilan maliban sa "turo sa akin ng mga magulang ko" o "sinabi ng pastor namin na dapat akong maniwala." Ang chapter na ito ay nagpapaliwanag kung anong uri ng pagtitiwala ang maaari mong ibigay sa Bible—at ano ang kailangan mo para magkaroon nito.

1. Nagtitiwala ka ba na maaasahan ang Bible? Bakit oo o bakit hindi?

2. Anu-ano ang hindi magagandang dahilan para pagtiwalaan ang Bible? Anu-ano naman ang magagandang dahilan para pagtiwalaan ito?

3. Ano ang iniisip o pagtingin ni Jesus tungkol sa Lumang Tipan–at bakit ito mahalaga?

4. Sinulat ng author, "Anuman ang iyong final authority para sa kaalaman, dapat nating aminin, na sa anumang paraan,

paikot-ikot lang din ang pag-iisip para sa lahat" (pg. 17). Ano ang ibig sabihin nito? Sang-ayon ka ba sa kanya? Bakit oo o bakit hindi?

5. Sa chapter na ito, ang author ay naglaan ng panahon sa pagtalakay tungkol sa presuppositions. Anu-anong presuppositions ang mayroon ka?

6. Ang librong ito ay isang pagsasanay sa "pag-aaral ng kasaysayan" (pg. 20). Bakit iyan ay isang acceptable approach?

7. Ano ang "chain of reliability" (pp. 22–23)?

   Ilista ang limang magkakarugtong na mga katanungan sa pagtukoy sa reliability ng Bible. (Tingnan ang mga pp. 23–24).

   (1)

   (2)

   (3)

   (4)

   (5)

8. Ano ang pagkakaiba sa pagitan ng “historical confidence” at “mathematical certainty” (pp. 25–27)?

2

# Nawala Dahil sa Pagsasalin?

*Bakit Maaasahan ang Bible?* Summary

Alam mo ba ang ibig sabihin ng “Μὴ θησαυρίζετε ὑμῖν θησαυροῦς ἐπὶ τῆς γῆς”? Posible ba na malaman ang ibig sabihin ng “Μὴ θησαυρίζετε ὑμῖν θησαυροῦς ἐπὶ τῆς γῆς”? Oo, posible ito dahil sa translation.

1. Bakit mahalaga ang katanungan tungkol sa translation?

2. Tingnan ang Kidspeak illustration sa mga pahina 34–35. Magbigay ng sariling halimbawa o karanasan mo sa pagta-translate.

3. Kung posible ang translation, bakit maraming Bible versions? Ang pagkakaroon ba ng maraming translations ay nakapagpapahina ng pahayag na posible ang translation? Ipaliwanag kung bakit oo o bakit hindi. (Tingnan ang pp. 36–44)

4. Pumili ka ng isang talata sa Bibliya, tingnan at kopyahin ang tatlo o apat na iba’t ibang translations ng talatang iyon. Naiintindihan mo ba kung ano ang nais ipahatid ng biblical author?

5. Ano ang dalawang layunin ng isang magandang Bible translation? (Tingnan ang pg. 43–44)

# 3

# Mga Kopya ng mga Kopya ng mga Kopya ng mga Kopya?

*Bakit Maaasahan ang Bible?* Summary

May ilang nagsasabi na maraming mali sa Bible, na ang libro na nasa tabi ng iyong kama ay corrupted kaya hindi maaasahan. Pero ganun nga ba talaga? Paanong ang Bible—at, partikular, ang New Testament—ay maikukumpara sa mga ancient literature? Baka magulat ka sa sagot sa mga tanong na ito.

1. Ang focus ng chapter na ito ay ang task of transmission. Napag-isipan mo na ba ang tungkol dito? Ano ang sasabihin mo sa nagsasabing ang Bible ay isa lamang "kopya ng isang kopya ng isang kopya ng isang kopya"?

2. Ilang mga ancient manuscripts at fragments ng New Testament ang mayroon tayo? Bakit tayo nito hinahayaan na malaman nang may mataas na kumpiyansa kung ano ang sinabi sa orihinal?

3. Kung titingnan mo ang iba't ibang antique manuscripts ng Bible na mayroon tayo, mapapansin mo ang ilang mga

pagkakaiba. Alam mo na ba ‘yan? Pinababa ba nito ang iyong kumpiyansa at pagtitiwala sa Bible?

4. Gaano katagal ang pagitan ng mga orihinal na sumulat at ng pinakanaunang kopya na mayroon tayo? Bakit hindi naman ito big deal? Paano maikukumpara ang pagitang ito sa iba pang historical documents na binanggit sa pahina 52–55?

5. Mayroong “hanggang 400,000 variants” sa Bible (p. 55). Ano ang masasabi natin sa mapangahas na pahayag na ito?

6. Sinulat ng author, “Sa ilang bahagi ng New Testament na marami ang mga variants, maniwala ka man o hindi, ang pagkakaroon ng mga variants o pagkakaiba ang nagbibigay sa atin ng dahilan at pagkakataon para talagang matukoy at mabuo ang orihinal na sinasabi ng mga dokumento ng Bible” (p. 58). Paano ito nagiging totoo sa aktuwal na pagbabasa o pag-aaral? Paanong ang *“mas mahirap* na reading” (p. 61) ay nakatutulong sa atin?

7. Napansin mo ba ang mga footnotes sa Bible mo na nagpapakita ng iba-ibang translations? Imbes na maging dahilan ito para

mawala ang iyong kumpiyansa, dapat ngang mapalakas ang loob mo ng mga bahaging ito ng Kasulatan. Katulad ng sinabi ng author, "Walang nangyaring sabwatan para manlinlang tungkol sa nakasulat sa Bible" (p. 65). Gamitin mo ang iyong sariling study Bible o kaya ay isang online study Bible at ilaan mo ang 15 minuto para hanapin ang ganitong mga footnotes. Ano ang natutunan mo sa pagsasanay na ito?

# 4

# Ito Ba Talaga ang Librong Hinahanap Mo?

*Bakit Maaasahan ang Bible?* Summary

Kung nabasa o napanood mo na ang *The Da Vinci Code*, narinig mo na ang pahayag na ang animnapu't anim na libro ng Bible ay isang simpleng resulta lamang ng pagtutunggalian para sa kapangyarihan noong early church. Hindi inspired ang mga iyon kundi victorious.

1. Ano ang isang canon? (Tingnan ang pp. 70–71.)

2. Sinabi ng author na ang ideya na mayroong conspiracy upang makarating sa ganitong partikular na canon ay "walang kabuluhan" (p. 73). Paano niya ipinagtanggol ang sarili sa pagsasabi nito?

3. Bakit napakahalaga ang pagkakaiba ng "pagpili" at "pagtanggap"? (Tingnan ang pp. 77-79.)

4. Anu-ano ang malilinaw at sang-ayon sa kasaysayang mga dahilan ang meron ang mga authors para tanggapin ang New Testament canon? Ilista mo ito at magbigay ng maikling paliwanag. (Tingnan ang pp. 79–83.)

   Reason 1:

   Reason 2:

   Reason 3:

   Reason 4:

5. Ikaw ba ay nakumbinsi na ang New Testament canon ay kinapapalooban ng mga "tamang libro" (p. 84–85)? Bakit oo o bakit hindi? Anu-anong mga karagdagang ebidensya ang makakatulong sa 'yo para malaman na tamang mga libro ang nasa New Testament?

5

# Pero Mapagkakatiwalaan Ba Kita?

*Bakit Maaasahan ang Bible?* Summary

Sa loob ng maraming dekada, inaakusahan na ng mga scholars ang mga disciples at biblical authors ng maraming mga pagkakamali o pagkukulang: *puro lang 'yan mga kuwento; mapanlinlang ang mga 'yan; sila mismo ay mga nalinlang; nalilito ang mga 'yan.* Sa makikita natin sa chapter na ito, wala sa mga kritisismong ito ang totoo.

1. Kung ang mga sumulat ng New Testament ay *hindi* mapagkakatiwalaan, anu-ano ang mga alternatives? Ilista at ilarawan mo ang apat na alternatives na tinalakay sa pages 95–97.

   (1)

   (2)

(3)

(4)

2. Mayroon bang kahit anong clues *sa aktuwal na teksto* ng Bible ang nagpapakita na ang mga authors ng New Testament ay *hindi* nagsusulat ng totoong nangyari sa kasaysayan? Kung meron, saan ito matatagpauan? Kung wala, paano ipinahahayag ng mga Gospel authors ang kanilang layunin sa pagsulat? (Tingnan ang pp. 98–101.)

3. Bakit kaya napakalayong mangyari na ang mga biblical authors ay *nagiging mapanlilang? (*Tingnan ang pp. 102–106.)

4. Bakit napakalayo ring mangyari na ang mga biblical authors mismo ay *naloko o nililinlang ang kanilang mga sarili?* (Tingnan ang pp. 107–113.)

5. At bilang panghuli, bakit napakalayong mangyari na ang mga biblical authors ay *nalito* lamang? (Tingnan ang pp. 114–117.)

# 6

# So, Nangyari Ba Yun?

*Bakit Maaasahan ang Bible?* Summary

Maaari ba tayong magkaroon ng confidence na ang pinaniniwalaan ng mga writers na nangyari ay talaga ngang nangyari? Masasagot natin ang tanong na ito sa pamamagitan ng pagsusuri sa pagiging maaasahan ng kanilang pinakamahalagang pahayag: Ang muling pagkabuhay ni Jesus mula sa mga patay.

1. Sinulat ng author, "Hindi mo puwedeng ideklara na ang mga miracles—at ang buong Bible—ay imposibleng nangyari dahil lang sa hindi mo ito na-experience (p. 126). Bakit naman hindi mahirap paniwalaan (implausibile) ang maniwala sa mga miracles?

2. Anong mali sa scientific objection sa mga miracles?

3. Anong mali sa philosophical objection sa mga miracles?

4. Maraming miracles ang naitala sa kabuuan ng kasaysayan. Bakit ang mga nakatala sa Bible ang dapat nating paniwalaan

at hindi ang iba pa? Bakit masasabing kapani-paniwala ang mga himala na ginawa ni Jesus?

5. Sinulat ng author "Kung ang resurrection ay talagang nangyari, sa gayo'y lahat ng fundamental na istruktura ng Christianity ay nagtutugma-tugma kagaya ng mga gears sa relo—kasama na ang awtoridad ng Bible, parehong New Testament at Old Testament" (p. 135). May ganito ka na bang kaisipan tungkol sa resurrection dati? Bakit ang katotohanan ng resurrection ay mahalaga sa Christianity?

6. Bakit ang mismong mga disciples ay naniwala sa muling pagkabuhay ni Jesus?

7. Bakit hindi maaaring balewalain na lamang ang resurrection?

8. Mula sa pahina 139 hanggang 145, ang author ay nagbigay ng ilang alternatibong paliwanag tungkol sa resurrection. Ilista mo ang mga ito. Mayroon ba rito na nakakumbinsi sa 'yo? Bakit ang bawat isa dito ay bigong ipaliwanag kung ano talaga ang nangyari?

9. Anu-ano ang mga implications ng pagkabuhay na muli ni Jesus? Ilista mo ang mga ito. (Tingnan ang pp. 145–148.)

7

# Pagkatiwalaan Mo ang Salita ng Taong Nabuhay Muli

*Bakit Maaasahan ang Bible?* Summary

Si Jesus ay bumangon mula sa mga patay. Ito ang bumabago sa *lahat*—kasama na ang ating pagkaunawa sa parehong Luma at Bagong Tipan.

Key Texts

Daniel 7:13–14
Mateo 5:17
Mateo 16:16–21
Mateo 17:22
Mateo 20:17–19
Lucas 24:44
Juan 16:12–15
Gawa 2:22–36
2 Pedro 3:15–16

1. Mahalaga ang resurrection dahil kinukumpirma nito ang mga pahayag ni Jesus tungkol sa kaniyang sarili. Sinabi ni Mateo na tatlong beses binanggit ni Jesus ang tungkol sa kanyang kamatayan. Ano ang natutunan natin dito? Ano ang itinuturo nito, partikular, tungkol sa kung paano nauunawaan ni Jesus ang kanyang sariling pagkakakilanlan bilang Messiah?

2. Ano ang ibig sabihin ng resurrection para sa Old Testament?

3. Kapag sinasabi ni Jesus ang mga bagay katulad ng, "Narinig ninyo na sinabi ito, ngunit sinasabi ko sa iyo," tinatama ba niya ang mga pagkakamali sa Old Testament? Kung hindi, ano ang ginagawa niya?

4. Ano ang ibig sabihin ng resurrection para sa New Testament? Paano tayo tinutulungan ng Juan 16:12–16 at 2 Pedro 3:15–16 na sagutin ang tanong na ito?

5. So, sa iyong mga sariling salita, bakit mo dapat pagkatiwalaan ang Bible?

## Panghuling Salita

# Ang Susunod na Tanong

*Bakit Maaasahan ang Bible?* Summary

Mahalaga na pagkatiwalaan ang Bible. Pero hindi mo lubusang mapagkakatiwalaan ang Bible kung hindi mo pagkakatiwalaan ang sinasabi ng Bible na pagkatiwalaan mo: si Jesus. Huwag kang maging katulad ng mga Pariseo. I-consider mo ang babala ni Jesus sa kanila sa Juan 5:39–40, nang sabihin niya, "Sinasaliksik ninyo ang mga Kasulatan sa pag-aakalang doon ninyo matatagpuan ang buhay na walang hanggan. Ang mga Kasulatang iyan ang nagpapatotoo tungkol sa akin! Ngunit ayaw naman ninyong lumapit sa akin upang kayo'y magkaroon ng buhay." Nararapat lang na saliksikin ang Kasulatan. Ngunit pagkatapos ay lumapit ka kay Jesus upang ikaw ay magkaroon ng buhay.

Key Text
Juan 20:31

1. Ano ang natutunan mo sa pagbabasa ng librong ito?

2. Kung nagsimula kang basahin ang libro na ito na may pagdududa sa reliability ng Bible at ngayon ay mayroon *pa ring* pagdududa sa reliability ng Bible, ano pang natitirang objections ang meron ka?

TREASURING CHRIST PH

Misyon ng **Treasuring Christ PH** ang makapagbahagi ng mga free at affordable Taglish gospel-centered resources para sa Filipino Church.

Matatagpuan sa **treasuringchristph.org** ang daan-daang mga sermons, articles, study guides, at ebooks na bunga ng preaching at teaching ministry ng Baliwag Bible Christian Church sa Baliwag City, Bulacan.

Kung nakatulong sa 'yo ang librong ito, gusto naming marinig kung paano ginamit ng Diyos ang mga nabasa mo para matulungan ka sa panahong ito. Pwede mo kaming i-email sa treasuringchristph@gmail.com.

IX 9Marks

Building Healthy Churches

## IS YOUR CHURCH HEALTHY?

*9Marks exists to equip church leaders with a biblical vision and practical resources for displaying God's glory to the nations through healthy churches.*

To that end, we want to help churches grow in nine marks of health that are often overlooked:


1. Expositional Preaching
2. Gospel Doctrine
3. A Biblical Understanding of Conversion and Evangelism
4. Biblical Church Membership
5. Biblical Church Discipline
6. A Biblical Concern for Discipleship and Growth
7. Biblical Church Leadership
8. A Biblical Understanding of the Practice of Prayer
9. A Biblical Understanding and Practice of Missions


At 9Marks, we write articles, books, book reviews, and an online journal. We host conferences, record interviews and produce other resources to equip churches to display God's glory.

Visit our website to find content in **40+ languages** and sign up to receive our free online journal. See a complete list of our other language websites here: **9marks.org/about/international-efforts**

**9marks.org**

More Study Guides from 9Marks




For more information, visit **crossway.org**